

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**  
**News and Information Bureau**

**PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**  
**MAY 24, 2021 (12:05 P.M. – 12:19 P.M.)**

**SEC. ROQUE:** Magandang tanghali, Pilipinas. Narito po tayo muli sa Dumaguete para samahan po ang ating Presidente ‘no sa isang pagpupulong ng Regional Peace and Order Council para po sa Region VII.

Now, balitang IATF muna po tayo ‘no: Inaprubahan po ng inyong IATF noong Sabado, May 22, ang paglalagay sa Iloilo City sa Modified Enhanced Community Quarantine or MECQ na nagsimula kahapon, May 23, at magtatagal hanggang katapusan ng buwan. Nasa ilalim din ng MECQ ang Apayao, Benguet at Cagayan hanggang May 31, 2021.

Usaping bakuna naman po tayo ‘no: Good news po, mahigit apat na milyon or 4,097,425 doses na po ang na-administer na COVID-19 vaccine as of May 23, 2021. Nasa 162,514 ang ating daily rate of doses administered base sa seven-day average as of May 23, 2021.

Malaki na po ang tinaas ng ating seven-day moving average na nagrehistro ng 32,490 noong Marso a-trenta. Ito ay pumalo sa 35,320 noong Abril—wait, noong April 27 ay 36,491 po; noong May 4 naman po ay 67,780; at 108,540 noong May 18.

Kung titingnan ang absolute numbers:

- Number 37 ang Pilipinas sa 196 countries na nag-administer ng COVID-19 vaccines ‘no;
- Number 13 po tayo sa Asya;
- at pagdating po sa ASEAN, tayo po ay pumapangalawa lamang po sa Indonesia.

Asahan natin na darami pa po ang magpapabakuna habang inaasahan natin ang pagdating ng bulk ng supply sa mga susunod na buwan.

Libre po ang bakuna, ha! Walang babayaran sa first dose at sa second dose.

Okay. Sa ngayon, huwag po tayo sanang maging pihikan sa bakuna ‘no. Tandaan: Ang pinakamabisang bakuna ay bakunang tinurok sa inyong braso. Lahat ng mga bakuna ay dumaaan sa matinding pagsusuri at pumasa, lahat po iyan ay pinag-aralan at napatunayang safe at epektibo.

Hindi naman nagkagalayo ang mga bakunang mayroon tayo sa... na dumating na po pagdating po sa vaccine efficacy ‘no:

- Ang Pfizer ay 95% against symptomatic COVID-19.
- Ang AstraZeneca ay sa 70.4% against symptomatic COVID-19 at 100% against severe COVID-19.

- Ang Sputnik V ay 91.6% against symptomatic COVID-19 at 100% against moderate or severe cases.
- At ang Sinovac, noong unang mga pag-aaral po ay between 65 to 91% base sa clinical trials sa Brazil, Indonesia at Turkey. Pero mayroon pong dalawang bagong pag-aaral 'no. Ang isang bagong vaccination study na isinagawa po ng Chulalongkorn University sa Thailand ay napag-alaman po natin na 99.49% ng mga nakatanggap apat na linggo pagkaraan ng kanilang second dose ay nagkaroon ng antibody responses. Samantalang nasa 66% naman ang nakatanggap tatlong linggo nakaraan ng first dose ay nagkaroon ng immune responses. Samantala, sa Indonesia, base sa datos ng 120,000 healthcare workers na nakatanggap ng Sinovac sa pagitan ng Enero at Marso ngayong taon, 98% ang nagpakita na epektibo ang Sinovac para maiwasang mamatay, at 96% naman po para maiwasan ang pag-oospital.

Ito naman po ang slide ng target nating mabakunahan sa Metro Manila 'no para makuha ang tinatawag nating population protection. Nasa 13.9 million ang buong population ng NCR, nasa 70% ay 9.7 million ang target nating mabakunahan. Ang ibig sabihin nito ay kinakailangan nating magpabakuna o makapagbakuna ng 108,000 kada araw hanggang November 27, 2021.

COVID-19 updates naman po tayo 'no. Ito ang ranking ng Pilipinas sa mundo ayon sa Johns Hopkins:

- Number 24 po ang Pilipinas pagdating sa total cases – 1,179,812;
- Number 33 sa active cases – 50,635;
- Number 134 sa cases per 100,000 population – 1,075;
- at Number 91 sa case fatality rate na 1.7%.

Mayroon tayong 3,083 ng mga bagong kaso ayon sa May 23, 2021 datos ng DOH. Walang sawa kaming nagpapasalamat sa magagaling, masisipag at dedicated na medical frontliners dahil patuloy ang pagtaas ng mga gumagaling. Nasa 1,109,226 na po ang bilang ng mga naka-recover.

Samantalang malungkot naming binabalita na nasa 19,951 ang binawian ng buhay dahil sa coronavirus. Nakikiramay po kami. Nasa 1.69% po ang ating fatality rate.

Ito naman po ang kalagayan ng mga ospital natin, at ang ating tinatanong palagi: Sapat pa ba ang ating mga kama? Unahin po ang Metro Manila bago ang buong Pilipinas. Well, iyong sa infographics natin ng bed capacity, bago po tayo magtapos ay babasahin lang natin iyong infographics ng ating healthcare utilization rate. Babasahin ko na po sa aking ... sa aking cellphone dahil alam ninyo naman po, nasa probinsiya tayo, we are improvising. Okay, dito po sa Metro Manila: Sa pagdating po sa ICU beds, 60% po ang ating utilized ICU beds; sa ating isolation beds ay 41% po ang utilized; 40% naman po ng ating ward beds ay utilized; 38% po ng ventilators ay utilized. Pagdating naman po sa buong Pilipinas, ang ating mga ICU beds ay 59% utilized; ang ating isolation beds ay 45% utilized; ang ating ward beds ay 46% utilized; and ating ventilators ay nasa 39% utilized.

Okay, dito po nagtatapos ang ating press briefing 'no. Kasama po natin si WHO Dr. Rabindra Abeyasinghe at saka si Dr. Edsel Salvaña. Now, good morning. Siguro po unahin muna natin si Dr. Rabi.

**DR. ABEYASINGHE:** Good morning.

**SEC. ROQUE:** Dr. Rabi, many Filipinos, particularly the middle class are alarmed with government's pronouncements that Pfizer will be given to indigents including AstraZeneca donated by the COVAX Facility. Can you explain to the Filipino people why this is the case? Why we cannot give COVAX Facility vaccines such as Pfizer and AstraZeneca to the A4, and why we are giving them instead to the A5 or the indigent population? The floor is yours, Dr. Rabi.

**DR. ABEYASINGHE:** Thank you so much, Secretary. Spokesperson Harry Roque. It's a pleasure to be here. And thank you for this opportunity. Let me clarify, the COVAX Facility committed to provide vaccines to cover 20% of the population of the Philippines and indeed, all countries that signed on to the COVAX Facility, and that 20% of the population was determined to be the frontline healthcare workers and the elderly population. And the reason for that was that this prioritization was based on the SAGE recommendations from WHO so that the COVAX Facility vaccines are used to maximize the impact on the pandemic by reducing deaths, by ensuring that the frontline healthcare workers are actually protected and reducing congestion in the hospital settings.

So our position has been and continues to be that the vaccines coming from the COVAX Facility which is a facility set up through contributions, overseas development assistance, bilateral donations to support low and middle-income countries.

So, we need to prioritize and follow the prioritization to ensure that we continue to enjoy donor confidence in investing in the COVAX Facility so that we use that COVAX vaccines to maximize the impact and hence, we continue to urge the government to follow the prioritization to ensure that we achieve high coverages in the A1 and A2 groups.

We do understand that there is a need to start protecting the other groups but when we see that coverage particularly in the A2 is around 10% it's still premature from our perspective to agree to use COVAX vaccines and to cover any of the other groups because while recognizing the other groups are important, it is clearly defined that the largest number of deaths and severe cases are from the A2 group and so we continue to urge the government and the local government units rolling out COVAX vaccines to ensure that they follow the prioritization to maximize the impact of the vaccines donated by the COVAX Facility.

This is important because as we have seen with the recent surge, with arrival of new variants which will continue to mutate, this virus will continue to mutate, we need to ensure that the most vulnerable are protected adequately and this needs to be prioritized. As we get larger

and larger supply of vaccines and as we reached relatively high coverage, we can start looking at protecting other groups. But our position has been that we need to respect the prioritization simply to increase the impact that the vaccines are providing in regard to controlling this pandemic.

Thank you.

**SEC. ROQUE:** Thank you very much, Dr. Rabindra. Is there any updates on additional Chinese vaccines that have been included in the Emergency Use List of the WHO? And on the basis of the WHO Emergency Use List, can you explain to the people why the brand of vaccine to be administered to them really does not matter?

**WHO REP. ABEYASINGHE:** Thank you again. This is a very important question and regarding to your first question, there are two Chinese vaccines that are being reviewed by WHO. These are vaccines that have been provided to WHO for review. We have now completed the review of the Sinopharm vaccine and this is now listed as WHO EUL listed product.

In the case of the Sinovac vaccine, WHO have sought some clarifications from the manufacturer and we are waiting to receive that information. We believe that in the next couple of weeks once those clarifications are received, the WHO will be able to reach a conclusion about listing Sinovac as a potential EUL candidate.

**SEC. ROQUE:** Okay. Thank you very much. So, it would appear, Dr. Rabindra that all the vaccines that we're using in the Philippines including the Chinese vaccines will be or are already included in the WHO EU List?

**WHO REP. ABEYASINGHE:** Well, if Sinovac is listed then that will also receive EUL status. We are still a few weeks away from the actual listing of the Gamaleya or the Sputnik V vaccine.

Now, as regards to the efficacy of vaccines, WHO has been very clear that these vaccines are largely used to prevent severe disease and deaths and we know that all of the vaccines are doing that effectively. Over the weekends, we saw even reviews saying that the Pfizer and AstraZeneca vaccines appear to be effective even against the Indian variant that was published by Public Health England over the weekend, WHO is also looking at this data.

But what is important is that from the point of preventing severe disease and death, all of the vaccines that WHO has listed under EUL are capable of doing it. So, we are not advocating for preference as one or the other brands, it's about what can be provided to countries based on the ground or conditions because some of these vaccines have very complicated storage requirements and shelf life.

And looking at that, we are looking at each vaccine can be provided and deployed to protect the largest number of people in each of the countries that COVAX will be providing vaccines. Having said that, I want to reiterate that COVAX has agreements for large number of doses

with Pfizer, with Moderna, with AstraZeneca. And so we believe that we will still to continue to be able to meet our commitment to provide vaccines to protect the 20% of the most vulnerable as was agreed when we set up the COVAX Facility.

**SEC. ROQUE:** Okay. Thank you very much, Dr. Rabindra. We now call on Dr. Salvaña? Doc, marami pong naghihintay ng mga favored brands nila at hindi pa nagpapaturok. Ano pong advice ninyo sa kanila at mayroon ba hong nalalabag sa tinatawag na informed consent kapag hindi po inaanunsiyo kung ano iyong brand na gagamitin sa mga vaccination sites although bago turukan eh iri-reveal po sa mga tao kung anong ituturok sa kanila? The floor is yours, Dr. Salvaña.

**DR. SALVAÑA:** Yes po, Sec. Roque. Unang-una, I think it's important that we remember that all the vaccines that have an EUA are very effective against severe disease which is really the most important outcome para sa ating mga bakuna dahil alam naman natin na ang COVID ten to twenty times more deadly than the flu. Iyong flu, ang dami-dami every year pero kaunti lang relative to the number who get sick ang namamatay. So, iyon po talaga iyong objective, itong COVID gagawin natin parang flu or even less at para makapagbukas na po talaga tayo ng ating ekonomiya at ng ating bansa.

So, in terms of vaccines from the scientific standpoint, the best vaccine that you can get is really the one that is there already dahil of course of you wait for your preferred brand, baka hindi na maghintay ang virus bago ka ma-infect and if you get infected you can die. So, it's very, very important to understand iyong risk ng isang tao na what is the risk na puwede siyang magkaroon ng COVID versus kung maghihintay siya noong kaniyang preferred brand, malaking bagay po talaga iyong difference na iyon.

Now, in terms of iyong consent, as long as alam naman ng tao kung ano iyong ituturok sa kaniya before iturok sa kaniya, I think that's enough. Puwede naman talaga siyang mag-refuse at that point. I think ang important lang talaga is we have to observe iyong minimum health standards natin during iyong vaccination campaign dahil nakikita natin nagkukumpul-kumpol iyong mga tao eh. So, very important talaga that we avoid crowding during the vaccination process and sundin po natin iyong mga pre-registration na patakaran. And iyon nga po, safe and effective naman po lahat ng bakuna and we urge everyone to get whatever vaccine is there because they all work.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, Dr. Salvaña. Sana po nakuha natin ang mensahe sa dalawang dalubhasa huh. Taga-WHO na po iyan si Dr. Rabindra at saka taga-UP-PGH na po iyan, Dr. Salvaña.

Pareho naman po ang sinasabi nila ano – lahat ng bakuna po dumaaan sa masusing pag-aaral either po sa parte ng Philippine FDA or ng WHO 'no at napatunayan na ligtas at epektibo ang mga bakunang ginagamit natin. Okay?

So, tumuloy na po tayo sa ating open forum. Usec. Rocky, go ahead. Please ask the first question.

**USEC. IGNACIO:** Good afternoon, Secretary Roque and sa atin pong mga guests.

Ang una pong tanong mula kay Cresilyn Catarong ng SMNI News: Komento po sa panukala ng isang senador na magkaroon nang mas maraming PGH sa iba't ibang parte ng bansa para hindi lamang tayo umaasa sa PGH Manila, mas maraming maseserbisyuhan kung may access sa ospital ang ating mga kababayan sa apat na sulok ng bansa.

**SEC. ROQUE:** Sang-ayon po tayo diyan. Pero nais ko lang pong ipaalam sa inyo, ang PGH po ay nasa ilalim ng UP System. Ang budget po niyan ay hindi po nanggagaling sa Department of Health; galing po iyan sa budget ng UP. Noong ako po ay nagtuturo ng 15 taon sa UP, eh talaga naman pong mayorya ng aming budget sa UP ay napupunta po sa PGH. So ginagamit po kasi ng UP System ang PGH bilang isang teaching facility para sa mga estudyante ng medicine.

Now, mayroon naman po talagang mga plano na magkaroon ng karagdagang mga Philippine General Hospital. Mayroon na pong plano na magtayo ng PGH diyan sa Diliman na mas malaki, kung hindi po ako nagkakamali 3,000 rooms po ang pinaplano nila. At may plano rin po ngayon sa drawing board na magkaroon ng PGH sa iba't ibang campuses ng UP System. Mayroon pong mga campus ang UP sa Cebu, sa Iloilo, sa Davao among others. At saka mayroon din po iyan sa Clark, Pampanga.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Susunod pong tanong mula kay Kris Jose ng Remate/Remate Online: Reaksiyon po sa napaulat na may nagbibenta ng bakuna o pag-aalok ng slot sa COVID-19 vaccination program sa halagang 15,000 o depende pa po sa brand. Ano ang gagawing hakbang ng gobyerno sa bagay na ito? Ganito rin po ang tanong ni Ivan Mayrina ng GMA News.

**SEC. ROQUE:** Well, iyan po ay ipinagbabawal. Wala pong bakuna na binibenta dahil wala pa pong bakuna na binigyan ng commercial use kaya po hindi dapat ibenta ang mga bakuna. Lahat po iyan ay nasa Emergency Use pa lamang, hindi pa po tapos iyan sa fourth clinical trial. So kapag po kayo ay nahuli na nagbibenta ng bakuna na wala pang commercial use ay pupuwede po kayong makulong sang-ayon sa batas na nagbuo ng Food and Drug Authority sa Pilipinas. Kasi mayroon po iyang tinatawag na penal clause 'no. At iyon naming mga nagbibenta ng slot, eh iyan po ay ipinagbabawal din natin at pupuwede rin po tayong ma-prosecute para po sa paglilinlang na krimen kasi wala naman pong karapatan ang kahit sino na magbenta ng kanilang slot.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary. Susunod pong magtatanong, si Mela Lesmoras ng PTV via Zoom.

**MELA LESMORAS:** Hi! Good afternoon, Secretary Roque, kay Dr. Abeyasinghe at Doctor Salvaña. Secretary Roque, may I ask question first to Dr. Rabi?

**SEC. ROQUE:** Dr. Rabi, please.

**MELA LESMORAS:** Dr. Rabi, my first question po. So you have any information when can we get these supplies of COVID-19 vaccines from the COVAX Facility? Any specific dates? What brands and how many doses po?

**DR. ABEYASINGHE:** Thank you for that question, Mela. What we know is that we are expecting up to two million of Pfizer doses to come in before the end of June, maybe as early as within the next ten days. We don't have specific days at this point of time, we are not clear whether all two million doses will come in one shipment or we expect one million doses first and next one million later on. And also expect about 2 million doses of AstraZeneca to come in within the month of June. So that's what we have right now, that earmarked for the Philippines from the COVAX Facility.

**MELA LESMORAS:** Okay. Thank you, so much po, Doc. Rabi. For Secretary Roque po. Secretary Roque, do you hear me po?

**SEC. ROQUE:** Yes, I can hear you go ahead.

**MELA LESMORAS:** Secretary Roque, ano po ang masasabi ng Malacañang dahil mayroong naitatalang COVID surge sa ilang panig ng Visayas at Mindanao, and dito naman sa Luzon, may mga naiuulat na super spreader events. Is this a cause of alarm at imbes na pa new normal na, maaari po bang maghigpit muli ng quarantine nationwide dahil dito?

**SEC. ROQUE:** Well, hindi ko nakuha iyong last part ng tanong mo, pero iyong first part ng tanong mo: Alam po ninyo nakakalungkot na matapos ang mahigit na isang taon, eh napakadaming napapaulat na mga super spreader events. Mga kaibigan, habang hindi pa po tayo nagdi-develop ng population protection, iyong dating tinatawag nating iyong population na 70% ay nabakunahan na 'no eh kinakailangan pa rin sumunod po tayo sa minimum health standards. Alam ko po napapagod na kayo, pero nag-antay naman na tayo ng mahigit isang taon na, eh bakit hindi na lang tayo mag-antay ng kaunti na lang pong buwan. Ang target naman po natin ay 70% ng ating mga kababayan ay mababakunahan by December. So ilang buwan na lang po iyan, sana po iwasan natin itong mga super spreader events na ito, dahil baka tayo po ay magkasakit ngayong naririyang na po ang sangkatutak na bakuna na na-donate at binili natin. Sayang naman po ang pag-iingat noong nakaraan kung babalewalain natin lahat ngayon.

**MELA LESMORAS:** Opo and quick follow lang po Secretary Roque, kasi isang linggo na lang ay magtatapos na rin naman ang buwan ng Mayo. Sa tingin po ba ninyo makakaapekto sa bagong quarantine sa June itong mga developments na ito lalo na iyong COVID surge sa Visayas at sa Mindanao?

**SEC. ROQUE:** Well, nakita po natin na ang Iloilo City ay inilagay sa MECQ at nakita rin po natin na ilang mga probinsya sa norte ay naka-MECQ. So sabihin na lang natin bagama't ang numero

ay nag-i-improve sa Metro Manila Plus, eh iyong ibang mga lugar naman sa Pilipinas ay parang nagkaka-experience ng mga surge din 'no. Matindi po talaga itong mga bagong variant na nakapasok sa ating bayan at ang kasagutan lang talaga natin ay lalo nating paigtingin ang mask, hugas, iwas at bakuna.

**MELA LESMORAS:** And my final question po, Secretary Roque. Kay Pangulong Rodrigo Duterte lang po, can you please elaborate iyong schedule niya po? Ano po ba iyong mga aktibidad niya ngayong araw at ano pong agenda? At may public address din po ba mamaya?

**SEC. ROQUE:** Well, mamayang hapon po ay ito nga po iyong Regional Peace Council ng Region VII at gaganapin po iyan dito sa Dumaguete. Inaasahan natin na dadalo ang iba't ibang mga public officials hindi lang po dito sa Negros Oriental kung hindi sa kabuuan ng Region VII. So mamayang hapon po iyan, inaasahan natin ang talumpati ng Presidente, siguro mga 4-4:30 hanggang alas-singko.

At bukas po magkakaroon po tayo ng Talk to the People, kung hindi po ako nagkakamali, kasi dapat ngayong gabi, pero nandito nga po kami ngayon sa Dumaguete.

**MELA LESMORAS:** Okay. Thank you so much po, Secretary Roque, kay Dr, Rabi at kay Dr. Edcel. Salamat po.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, may panahon pa naman tayo, pero si Dr. Salvaña can only join us until 1, but we are hoping that we will be finished by 1:00 o'clock anyway. So, pero kung mayroon kayong mga urgent questions kay Dr. Salvaña, you can ask them now. Okay, Usec. Rocky, for the next set of questions please.

**USEC. IGNACIO:** Yes. From Leila Salaverria of Inquirer, para po kay Spox Roque: Does the President support the Marawi Compensation Bill pending in Congress, and can the government afford it if ever?

**SEC. ROQUE:** Hindi ko pa po nakikita iyong Marawi Compensation Bill. Bagama't noong ako po ay naging miyembro ng 17<sup>th</sup> Congress, naghain din ako ng bersiyon ng Maguindanao Compensation Bill. Ang pagsuporta naman po ng Presidente ay depende kung magkano talaga iyong ilalaan. Pero sa ngayon po, bilyun-bilyon na po ang nagagastos ng gobyerno para sa rehabilitation po at rebuilding of Marawi.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Second question niya: What does the Palace say to fresh calls from lawmakers for the President to certify it as urgent?

**SEC. ROQUE:** Well, titingnan ko po kung ano itong latest version 'no kasi ang huling nakita ko ay iyong isinulong ko pa noong 17<sup>th</sup> Congress. At it's a matter naman for PLLLO, iyong ating Presidential Legislative Liaison Office, to actually endorse it for certification to the President.

**USEC. IGNACIO:** For Dr. Rabi, question from Leila Salaverria: What does you think of the Philippine government not to announce the vaccine brand in advance and only inform the recipient on the day of inoculation?

**DR. ABEYASINGHE:** Thank you, Usec. Rocky, for that question. I think this is an important question because there seems to be some congestions at vaccination points when vaccine brands announced. And we continue to say that all vaccines are effective to prevent deaths and prevent severe disease, so it doesn't actually matter which vaccine you're receiving. So we should try to manage the situations where people congregating and creating situations where transmission may increase. And if not announcing the vaccine brand will help with that, I think this is a correct step in the right direction because this will help us to manage these kinds of super spreader events from happening and will also encourage people to accept the vaccines that are being rolled out. So we are supportive of this effort.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Her second question: Based on best practices observe by the WHO, what is the best way to convince people to get vaccinated against COVID-19?

**DR. ABEYASINGHE:** Right now, we don't see a lot of vaccine hesitancy in the Philippines. Actually, the issue is that the vaccine supply cannot meet the demand. We know that the Philippines has traditionally had some vaccine hesitancy. What we are seeing now is that people eagerly ready to receive vaccines and it is in some situations, local governments unable to keep up with the demand. So it's not actually an issue of vaccine hesitancy. There are many in some places preference for brand A or B of a vaccine, that should not be interpreted as vaccine hesitancy.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Dr. Rabi.

Secretary Roque, question from Triciah Terada of CNN Philippines. I think wala po siya sa Zoom pero nag-send po siya ng question for Secretary Roque: Vice President Leni Robredo urges the government to do a multilateral approach to resolve the territorial dispute in the West Philippine Sea. She said, the Philippines would not be able to protect its interest in the West Philippine Sea if we only do bilateral talks with China. The Vice President also cited experts' advice that bilateral talks with China will not help the country because the standing is not equal. What does the Palace think about this? Is this something that has been done or considered? What's the outcome?

**SEC. ROQUE:** The President po is the lone architect of foreign policy. Hindi po totoo na hindi gumagana ang ating bilateral approach to the West Philippine Sea kasi matapos po ang halos limang taong termino ng Presidente, wala po tayong nawalang teritoryo sa Tsina, wala po tayong hidwaan sa Tsina. So I beg to disagree, the President's policy has been working for the past five years.

**USEC. IGNACIO:** Second question po niya: There are reports that dolomite sand had been washed off in the sea. Is the President considering to order the stoppage of the dolomite sand project and find ways to realign the budget to much more important and urgent needs?

**SEC. ROQUE:** Matagal na po nating nasagot iyan 'no: Iyong budget po sa dolomite ay matagal na po iyang nasa budget ng DENR; hindi po iyan bagong budget. At bagama't mayroon po tayong Bayanihan Law that allows the President to realign funds, hindi po applicable iyan doon sa mga funds na na-commit na po 'no.

Mayroon kasing dalawang distinction iyan 'no – pupuwedeng ma-realign ang ilang mga pondo na hindi pa po siya na-align for a specific purpose. Pero ito po, completely bidded out and partially executed, so kinakailangan pong tapusin iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. From Red Mendoza of Manila Times for Secretary Roque: Pinapakalat ng mga, diumano ng mga taga-oposisyon sa social media na hindi raw papayagan sa Saudi Arabia at European Union ang mga nabakunahan ng Chinese vaccine na Sinovac o Sinopharm, at ang papayagan lang ay ang Pfizer, Moderna, Astra, or Johnson & Johnson. Gaano ito katotoo? At nag-uusap na ba ang Pilipinas through DFA na maiwasan ang diskriminasyon laban sa mga Chinese na bakuna na ginagamit ngayon na sandata para magkaroon ng vaccine hesitancy?

**SEC. ROQUE:** Wala pong basehan iyang ganiyang mga balita kasi kakasabi lang ni Dr. Rabi na sa parte po ng WHO ay sinasama naman po nila ang mga Chinese brands sa kanilang emergency use list. Sa katunayan, nasa listahan na ang Sinopharm at mayroon lang hinihintay na dokumento para po sa Sinovac. Hindi ko po maisip kung bakit hindi tatanggapin ng EU at iba pang mga bansa ang kahit anong bakuna na nasa listahan po ng WHO mismo.

**USEC. IGNACIO:** For Dr. Rabi and Dr. Edsel: Right now, there are no cases of vaccine-induced blood clotting in the AstraZeneca vaccine in the country or in Asian countries, while there were cases in Caucasian countries. Do you think ethnicity has a link why blood clots are prevalent in these countries and not in countries with the huge Asian population such as the Philippines? And for WHO, do you think it warrants a study, Dr. Rabi?

**DR. ABEYASINGHE:** Thank you for the question. The incidents of thrombosis and thrombocytopenia following AstraZeneca vaccines is a new phenomenon which we are studying at this point of time. We need to recognize that there are weaker systems in developing and low- and middle-income countries for monitoring of persons receiving vaccines. Having said that, we also recognize that many of those complications was seen among recipients of vaccines manufactured at different plants of AstraZeneca, not AstraZeneca vaccine being distributed in Asia. So we are trying to understand whether this was something that was related to where the vaccine was manufactured or whether it's related to ethnicity.

But as I have mentioned, this is a new problem. It's just a couple of months. It takes time to analyze the data; it takes time to understand the circumstances that led to this. We have seen this not only with AstraZeneca vaccine, we have also seen reports of this following the Janssen vaccine. So we want to reassure the people that WHO with its research institutions and partner academic institutions are looking very closely at the data. We are working hand in hand with the national regulatory authorities in the countries that have reported such cases. And we are working with the Food and Drug Administration, for example in the Philippines to strengthen the monitoring, to see whether such cases are appearing in the Philippines. So this is the way WHO is working around this problem. And as soon as we have clearer evidence, we will be happy to share them with the population.

Right now, it's still an ongoing process. There are a lot of work happening but we don't have clear positions or evidence linking and understanding the pathogenic mechanism of how this happens. Maybe Dr. Salvaña can add to what I have just said. Thank you.

**DR. SALVAÑA:** All right. Thank you, Dr. Rabi.

If there is—iyong incidence sobrang baba 'no, it's about ten out of a million, it's what they're seeing in terms of this blood clots and so far iyong NAEFIC natin, iyong adverse event sa body natin for vaccines are monitoring the patients who have gotten Astra and also all the other vaccines. Kasama naman po talaga ito sa ating pagbabantay sa pagbigay ng bakuna.

But just to put it in perspective 'di ba, this is anywhere from four to ten out of one million. If you get COVID, the risk of clot is one out of three, so this is such a huge difference in terms of risk versus benefit that most countries that suspended their Astra have actually restarted giving it included us because the risk is much, much smaller compared to the benefit of these vaccines po.

